

### PANGUNAHING ARTIKULO 1

(Ako, Si Amina, at ang Iba't Ibang Pananampalataya, pp. 6-8)

#### I. Mga Layunin

Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. igagalang ang pananampalataya ng iba;
2. maipaliliwanag ang ispiritual na aspeto ng pagiging tao; at
3. pahahalagahan ang pagiging tunay na Kristiyano na ang inaabam ay ang pagkakaisa ng lahat ng tao.

#### II. Paksa

Paggalang sa Iba't Ibang Pananampalataya

#### III. Mga Kagamitan

Iba't Ibang relihiyon sa Pilipinas

#### IV. Sanggunian

Batingaw, Ikaapat na Taon, Isyu 1, SY 2007-2008

#### V. Mga Pamamaraan

##### A. Panimulang Gawain

Itanong sa mga mag-aaral ang iba't ibang relihiyon sa Pilipinas at isulat ang mga ito sa pisara. Idagdag ang iba pang relihiyon na hindi ibinigay. Itanong: "Ano sa palagay ninyo ang kaugnayan ng pagkakaroon natin ng maraming relihiyon sa ating pagkabansa? Alamin natin ang iba pang kasagutan tungkol dito sa babasahin nating kwento. Buksan sa pp. 6-8 ang inyong magasing Batingaw at basahin ito nang tahimik."

##### B. Panlinang na Gawain

Ilarawan ang pamilya ni Miguel. May pagkakatulad/pagkakaiba ba ang inyong pamilya sa kanya? Paghambingin. Ipaliwanag ang pagiging

*multi-religious* ng ating bansa? Anong bagong kamalayan ang kanyang natutuhan? Ano ang ipinaglalaban ng mga kapatid nating Muslim sa Katimugan? Naaapektuhan ba nito ang ating pamumuhay? Sa paanong paraan? Paano nito naapektuhan si Amina? si Miguel?

##### C. Pagsusuri

Kung ikaw ay kaklase ni Amina, paano mo siya pakikitunguhan? Bakit? Tama ba ang inaasal ng mga kaklase ni Amina sa kanya? Ipaliwanag. Maaari kayang magkaisa ang mga taong may iba't ibang pananampalataya? Paano?

##### D. Paglalahat

1. Ang Pilipinas ay *multi-religious*.
2. Pantay-pantay ang karapatan ng mga tao sa kabilang pagkakaiba sa relihiyon at kultura.

##### E. Paglalapat

Bukas ang isipan ng aming gurong si Bb. Romero tungkol sa relihiyon. Para sa kanya, lahat na relihiyon ay pare-parehong maganda. Nagkakaiba lamang ang mga ito sa katawagan sa ating Diyos at sa paraan ng pagsamba, pagpupuri, at paglilingkod sa Kanya. Ganito rin ba ang paniniwala mo? Bakit?

##### F. Pagtataya

Ano ang kaugnayan ng pananampalataya sa ating pagkabansa? Sumulat ng isang sanaysay tungkol dito.

#### VI. Takdang Aralin

Balikan ang kasaysayan ng Pilipinas. Ipaliwanag kung bakit napakahirap magkaisa ng lubos nating mga Pilipino. Banggitin mo rin ang inaakala mong mabisang paraan upang makamtan ang pagkakaisa sa kabilang pagkakaiba sa paniniwala ng bawat isa.

## MAIN ARTICLE 2

(Be Patient with Dragonflies, pp. 9-10)

### I. Learning Objectives

At the end of the lesson, the students should be able to:

1. practice patience to maintain a wholesome relationship with siblings;
2. accept the good and the not-so-good qualities of people around them; and
3. realize that belief in oneself can make one achieve what he aims for coupled with diligence and hard work.

### II. Subject Matter

Maintaining a Good Relationship with Siblings

### III. Materials/Resources

A live dragonfly

### IV. Reference

Batingaw, Fourth Year, Issue 1, SY 2007-2008

### V. Strategies

#### A. Opening Activity

Show the dragonfly and let the students describe it. Then post the title of the story written on a piece of cartolina and say: "Looking at the title of the story you are going to read today, infer what the story is about." Listen to the inferences given. Then say: "Be sure not to forget your inference so that we will find out later whose inference is the best. Open your *Batingaw* on pp. 10-11 and read the story silently."

#### B. Development Activity

What is the story about? Who gave the best inference? Now, answer the following questions:

1. Why was Anne busy? What inspired her in writing the poem for the contest?
2. Who did she regard as a dragonfly? Why? Describe Edith. Compare her with Anne.
3. How did she practice patience with her sister? How did she regard her embrace when she congratulated her for winning in the contest? Why?

### C. Analysis

What role did the dragonflies play in Anne's life? What if she didn't show patience on the negative practices of her sister, do you think she would be able to write a good poem? Explain. What made her win the contest?

### D. Generalization

1. It pays to be patient and to accept things as they are.
2. Diligence and hard work are keys to success.
3. Belief in one's capability to win is an ingredient to achieve what one aims for.

### E. Application

Carlo was a transferee in fourth year at Ramon Magsaysay High School. The promotion of his father made them move to Manila from Bohol. His classmates seem not to welcome him because he was placed in section one due to his very high average in third year. He also qualified to be one of the contestants in the Quiz Bee in Mathematics. If you were Carlo, what would you do to win your classmates?

### F. Evaluation

Discuss in two to three paragraphs your plans to become what you want to be.

## VI. Agreement

Interview a successful figure in your community who attained success despite being poor.

## PANGUNAHING ARTIKULO 3

(Mga Nakamaskarang Panauhin, pp. 14-15)

### I. Layunin

Pagkatapos ng araling ito, ang mga bata ay inaasahang:

1. masasabi ang paraan ng pagdiriwang ng Semana Santa sa Palo, Leyte;
2. mailalarawan ang ang mga tradisyong isinasagawa ng mga taga-Palo tuwing Semana Santa; at
3. makapagtatala ng iba't ibang paraan ng pag-sisilbi sa Diyos.

### II. Paksa

Pagsisilbi sa Diyos

### **III. Mga Kagamitan**

Mga larawang nagpapakita ng mga ritwal o padiriwang tuwing Semana Santa

### **IV. Sanggunian**

Batingaw, Ikaapat na Taon, Isyu 1, SY 2007-2008

### **V. Pamamaraan**

#### *A. Panimulang Gawain*

Ipakita ang inihandang mga larawang nagpapakita ng mga ritwal tuwing Semana Santa. Talakayin ang mga karaniwang ginagawa kapag Mahal na Araw ayon sa ipinakikita ng mga larawan. Itanong: "Bakit kaya ginagawa ng mga tao ang mga ritwal na tinalakay natin? Sa kwentong babasahin ninyo ngayon, malalaman ninyo ang mga tradisyong ginagawa ng mga kababayan ni Felipe sa Palo, Leyte."

#### *B. Panlinang na Gawain*

Bakit may Mahal na Araw? Anu-anong mga paghahanda ang ginagawa ng mga kababayan ni Felipe sa Palo tuwing Mahal na Araw? Ilarawan ang bayan ng Palo at ang mga tao dito tuwing Mahal na Araw. Sa kabilang pagiging abala ng mga tao sa kani-kanilang mga gawain, bakit tila malungkot si Felipe? Sinu-sino ang mga panauhin nina Felipe? Paano niya nakilala ang mga panauhin gayong sila ay nakamaskara? Ano ang gustong niyang mangyari? Anong paraan ng paglilingkod sa Diyos ang nakita ni Felipe sa kanyang mga kamag-anak? Ano ang payo ng kanyang ina tungkol dito?

#### *C. Pagsusuri*

Sa makabagong panahon, kakaunti na lamang ang nagsasagawa ng mga kinagisnang tradisyong pang-Semana Santa. Si Felipe, sa kabilang kanyang kabataan, ay nagnanais maglingkod sa Diyos sa kapanahunan ng Mahal na Araw. Kung ikaw si Felipe, anong uri ng pagsisilbi ang iyong gagawin para sa Diyos? Bakit?

#### *D. Paglalahat*

1. Ang Semana Santa ay ipinagdiriwang upang alahanin ang mga pagdurusang sinapit ni Hesukristo dahil sa kasalanan ng sanlibutan.

2. May iba't ibang paraan ng paglilingkod sa Diyos. Hindi lahat na may kaugnayan sa simbahan ay maituturing nating paglilingkod sa Diyos.

3. Maraming tradisyon kaugnay ng Semana Santa ang itinuturing na pagsisilbi at paglilingkod Sa Diyos.

#### *E. Paglalapat*

Napansin mo na maraming bata sa inyong lugar ang naglalaro lang sa kalye tuwing bakasyon. Nais mong matulungan ang mga ito na magkaroon ng kapaki-pakinabang na gawain. Anong uri ng pagsisilbi ang iyong gagawin para sa kanila? Maging kalugud-lugod kaya ito sa paninig ng Diyos? Bakit?

#### *F. Pagtataya*

Magtala ng iba't ibang paraan ng pagsisilbi sa Diyos na maaari mong gawin sa Mahal na Araw.

### **VI. Takda Araling**

Gumawa ng isang munting *senakulo*. Pumili ng kaklase upang gumanap sa iba't ibang papel. Ipakita ito bago magsimula ang klase.

## **MAIN ARTICLE 4 (Caretaker, pp. 16-17)**

### **I. Learning Objectives**

At the end of the lesson, the students should be able to:

1. define a steward and a caretaker;
2. enumerate the duties of a steward and a caretaker and explain the importance of doing them;
3. prove man's abuse of responsibility as a steward and a caretaker;
4. show awareness of the consequences of man's abuse of authority and responsibility as a caretaker and steward; and
5. express their commitment as good stewards and caretakers of the earth's resources.

### **II. Subject Matter**

Man as Stewards and Caretakers of the Earth's Resources

### **III. Materials/Resources**

CD/VCD of God's creation of the earth  
VCD player

### **IV. Reference**

*Batingaw*, Fourth Year, Issue 1, SY 2007-2008

### **V. Strategies**

#### *A. Opening Activity*

Let pupils watch the CD/VCD of God, creating the earth. Have them describe the earth when it was created and what becomes of the earth now. Then say: "Today, we are going to find out more about how man abused and misused the resources of the earth and what we can do to preserve them for future generations. Open your *Batingaw* on pp. 16-17 and read the selection silently.

#### *B. Development Activity*

"What is a steward? a caretaker? How did man become God's steward and caretaker of the environment? What was God's intention on how man should use the earth's resources? How did man's carelessness and misuse of the environment affect our quality of life? Could we still save the earth? How? Why should we feel responsible in utilizing His gifts in accordance with His will?"

#### *C. Analysis*

Why do you think God provided man with his needs? What did He task man to do with the earth's resources? Did man use them in accordance with His will? Justify your answer. Can we still be good stewards and caretakers of the earth? How?

#### *D. Generalization*

1. God created man to be the steward and caretaker of the earth's resources.
2. Man's greed brought destruction to the earth.
3. Everybody has the responsibility to save the earth for generations to come.

#### *E. Application*

Your *Ninong*, who is also your uncle, is a fisherman called Mr. Dynamite. He is called so because he is noted for using dynamite in fishing. He could not be reported to the proper

authorities because he is also the barangay chairman in their place. Aware of how destructive dynamite fishing is to marine life, what could you do to stop his illegal act?

#### *F. Evaluation*

Write a short essay entitled, "I am God's Steward and Caretaker."

### **VI. Agreement**

Fully aware of the environmental damage caused by man, list down at least five (5) simple, practical, and effective ways to help improve our environment.

---

#### ***Sagot sa Hasaan ng Isip***

#### **Kilala Mo Kaya Sila?**

1. Amado V. Hernandez
2. Alfredo Salanga
3. Virgilio Almario
4. Bienvenido Lumbera

*Erratum:* Ang kahon para sa sagot sa bilang dalawa ay sobra ng isa.

**F**    **O**      **S**  **L**   **X** **G**